SAN JOSEMARÍA ESCRIVÁ, PARI

ANTIPONA SA PAGPASOK Jeremias 3, 15

Kayo ay aking bibigyan
ng mangangasiwang tunay
pagka't aking kaloobang
kayong lahat ay dulutan
ng dunong at kaalaman.

PAMBUNGAD NA PANALANGIN

O Diyos, itinalaga mo sa Simbahan ang paring si San Josemaria
bilang tagapagpahayag ng pangkalahatang panawagan
sa kabanalan at apostolado,
ipagkaloob mo na sa tulong niya at halimbawa
mahubog kami sa wangis ng iyong anak na si Hesus
sa pamamagitan ng aming mga gawa sa araw araw,
at makapaglingkod ng may nag-aalab na pag-ibig
sa gawaing nagdudulot ng kaligtasan.
Sa pamamagitan ng aming Panginoong Hesukristong iyong Anak, na nabubuhay at naghahari kasama mo at ng Espiritu Santo, magpasawalang-hanggan.

PANALANGIN SA MGA HANDOG

Ama naming banal,
tanggapin mo ang mga handog na ito
na aming iniaalay sa iyo sa paggunita kay San Josemaria.
Pabanalin mo ang lahat ng aming mga gawain
sa pamamagitan ng sakripisyong inialay ni Kristo sa altar ng krus
na inilalahad sa sakramentong ito.
Hinihiling namin ito sa pamamagitan ni Hesukristong aming Panginoon.

ANTIPONA SA KOMUNION Mateo 20, 28

Anak ng tao'y dumating
paglilingkod ang layunin
hindi para mang-alipin
kundi upang maihain
ang kanyang buhay sa atin.

PANALANGIN PAGKAKOMUNYON

Panginoon naming Diyos,
ang sakramentong tinanggap namin sa pagdiriwang kay San Josemaria
ay magpatatag nawa sa amin bilang mga ampon mong anak,
upang sa matapat naming pagtalima sa iyong kalooban,
malugod naming matahak ang landas ng kabanalan.
Hinihiling namin ito sa pamamagitan ni Hesukristong aming Panginoon.